**Abstract:**
Ang "Batang Pusit" ay isang personal na sanaysay na lumalangoy sa dagat ng malungkot na buhay bilang isang HIV-positive. Ipinakita rito ang mga naging danas ng isang bata nang siya ay na-diagnose na pusit. Kakikitaan rin ito ng katapangan at kung paanong sinasangga ng mga taong ito ang stigma na sa kanila'y kumikitil.

**Keywords**
HIV
positibo
sanaysay

**English title**
The Young Squid

# ANG BATANG PUSIT

**ERIC JHON BITUIN**

SIMULAN NATIN SA umpisa.

*"May ibubulong akong isang lihim,*
*Na sinabi sa akin*
*May dungis akong di maalis"*

Hapon ng ika-20 ng Hunyo 2019, nagpunta ako sa LoveYourSelf Clinic sa Buendia para sa quarterly kong pagpapa-HIV test. Kasabay na rin nito ang laboratory test ng hepatitis B at syphilis. Gaya ng nakasanayan, kakaunti lamang ang nakapila. May mga kendi at biskuwit akong puwedeng lantakan habang naghihintay na tawagin ang pangalan ko. Tuwang-tuwa ako noon sa disenyo ng klinika: meron kasing malaking Pride Flag, at talagang mararamdaman mong tanggap at ligtas ka sa lugar na iyon. May telebisyon din na nagpapalabas ng mga bagong pelikula sa Netflix para hindi naman nakabuburyong o nakababalisa habang nag-

aantay sa pagkuha ng dugo o ng resulta. Sa bawat sulok naman ay may mga garapon at naglalaman ng libreng condom at lubricant at puwedeng maiuwi ng kahit na sino.

"Sa may birthday ng May 3, 1999?" Ako na 'yon. Tinatawag na ako ng med tech upang kuhaan ng dugo. Takot talaga ako sa karayom; lagi akong nakikiusap sa mga med tech o doktor na gaanan lang ang kamay nila at baka magkaroon ako ng hematoma o pamamasa ng balat.

Matapos ang ilang minutong pakikipag-usap sa med tech at pagkuha niya ng dugo, kailangan ko na lang maghintay. Noong mga nakaraang bisita ko sa klinika ay tatlumpung minuto hanggang isang oras lamang at ibibigay na ang resulta. Sa mga nakaraang bisita ko, hindi ako nakatatapos ng isang pelikulang ipinapalabas sa telebisyon. Hindi rin ako kumukuha ng maraming kendi or biskuwit dahil mabilis lang ang paghihintay. Noon. Pero ngayong araw na 'to ... Sinimulan na akong kabahan. Tapos na ang isang oras na kadalasang haba ng paghihintay ko. Dumaan ang isa't kalahating oras, dalawang oras, kinakabahan na ako.

"Sa may birthday ng May 3, 1999?" Ako na ulit 'yon. Gumaan ang loob ko kahit paano dahil malapit na akong umuwi. Hudyat na 'yon para sa resulta. Hindi naman ako bago sa ganitong kultura dahil isang taon na akong bumibisita roon. Nakakakaba talaga ang paghihintay sa resulta.

Sinundo ako ng life coach mula sa pinto at pinaupo. Maliit lang ang kuwarto na iyon, dinig mo ang tunog ng mga dumadaang tren dahil katapat lang ng klinika ang estasyon ng LRT Gil Puyat. Dinig din ang mga buntonghiningang inilalabas namin pareho. Kulang na lang ay marinig niya maging ang kabog ng dibdib ko. Pinaupo niya ako sa harap niya at sinimulang buklatin ang envelope na naglalaman ng resulta. Sa isip ko, alam kong negatibo lahat iyon dahil palagi akong nagdadala ng condom sa tuwing nakikipagtalik ako. "Sa hepa B at syphilis, negative ka," sabi niya. Nagtaka ako. Bakit hindi pa isinabay ang resulta ng HIV test?

Nakita kong naglabas siya ng malalim na buntonghininga. Tila ba siya na ang naghukay ng paglilibingan ko. Nakapanlalamig pero hindi ako nagpakita ng reaksiyon sa kanya. Pinanatili ko ang komposyur, at kalmado lamang ako kahit iba na ang kutob ko. Nagsisinungaling ako sa sarili. Natatakot ako at gusto kong umiyak. Biglang hinanap ng isip ko ang mga kaibigan at pamilya ko. Bumalik lang ako sa realidad nang sinimulan niyang buklatin ang isa pang envelope, at naroroon daw ang resulta. Hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa. "Tutulungan ka naman namin sa pagpapagamot mo," panimula niya. Tumayo ako sa kinauupuan

ko. Bagama't nakararamdam ako ng matinding kaba, hindi ko inaasahang makukuha ko 'yang sakit na 'yan. Paano na ako? Paano na ang mga pangarap na unti-unti kong binubuo? Ang gastos, sino ang gagastos nito para sa akin? Saan ako kukuha ng perang panggastos sa mga kailangang lab test? Maraming tanong ang sunod-sunod na hindi maproseso ng utak ko. Sa sobrang dami ay hindi ko na ito kaya pang maintindihan. Tila ba sinulid na nagkandabuhol-buhol at napakahirap ayusin.

Nagitla ako sa sumunod na ginawa ng life coach sa akin. Niyakap niya ako at hinalikan sa labi. Hindi ako nakagalaw sa ginawa niya. Hindi ko alam kung ano ang dapat kong gawin sa nangyari, masyadong okupado ang isip ko sa dami ng nararamdaman ko sa sitwasyong iyon. "Sana ay nakatulong ang ginawa ko. Gusto mo bang pag-usapan natin ito sa bahay ko?" sambit niya matapos ang ginawa niyang hindi ko binigyan ng permiso. Hindi ko pinansin ang huli niyang sinabi at nagtanong ako kung ano ang susunod na proseso. Inabutan niya 'ko ng pampleta na may numero ng doktor na kailangan kong kontakin.

Umalis na ako kaagad matapos kong makuha ang referral slip na kasama sa pampleta at ilang mga panuto para sa susunod na hakbang. Umuwi akong walang nararamdaman; ni hindi ako makaiyak dahil masyadong marami ang mga bagay na dapat kong iproseso. Isa lang ang laman ng isip ko: hindi ako magpapagamot. Noong araw na 'yon pilit kong tinanggap na sentensiya na sa 'kin ng Panginoon ang nakuha kong sakit; wala akong naging katanungan sa kalawakan kung bakit ako pa ang napili Niya.

Isang buwan na ang nakalipas nang malaman ko ang diagnosis ko, wala namang nangyari sa akin; hindi naman ako nangangayayat at wala ring mga pantal sa balat. Isang buwan na rin matapos ang ginawa ng life coach sa akin nang walang permiso, desidido pa rin akong hindi magpagamot. Hindi ko tanggap na "pusit" (balbal na terminolohiya para sa positibo) ako. Hindi rin naman halata sa katawan kong may sakit ako. Wala akong mapagsabihan na kaibigan o kapamilya; natatakot ako sa sasabihin nila. Baka ikahiya nila ako, pagalitan, at kamuhian.

Isang araw, habang nag-i-iskrol ako sa Twitter, may nakita akong isang account. Nakalagay sa profile niya na pusit siya. Bago sa akin iyon. Hindi ko alam na mayroong komunidad ang mga pusit sa online world; ang alam ko lang kasi ay ang mga alter kung saan maaari kang mag-tweet ng mga makamundong retrato o bidyo o kaya naman ay maglabas ng saloobin nang walang nakakakilala sa 'yo. Nagtingin pa ako at maraming

account ang nagpapakitang mga pusit din sila. Gumawa na rin ako. Curious ako kung ano ba ang mundo ng mga pusit, pero hindi ko pa rin tanggap na kabilang ako sa kanila.

Doon ako nakakita ng iba't ibang uri ng mga pusit. May bata, matanda, nanay; maging sanggol ay meron din. Nakakita ako ng mga gamot na iniinom nila. May tinatawag na LTE (pinagsamang gamot na Efavirenz, Lamivudine, at Tenofovir) na three-in-one na gamot ng mga pusit. Isang tableta kada araw at tumutulong para patulugin ang mga virus na naninirahan at umiikot sa katawan at pataasin ang bilang ng CD4 o T-Cells na mahalagang parte ng resistensiya ng katawan natin. Meron pang ibang gamot na may iba't ibang timplada, cocktails, o halo ng iba pang pinagsama-samang gamot. May mga kulay na naghihiwalay sa pagkakakilanlan nila. Ang ibang gamot daw ay dalawang beses iniinom sa isang araw; ang iba naman ay isa lang (gaya ng LTE). Pero pare-pareho lang ang nababasa kong side effects ng gamot sa kanila: pananaba, pagkakaroon ng hot flushes (ang pag-init ng mga kalamnan, lalamunan, dibdib, at mukha), karagdagang libido, at maging depresyon. Natakot ako sa kayang gawin ng tabletang iniinom nila sa araw araw, at lalo akong naging desididong hindi magpagamot.

Sa patuloy kong pagtingin sa mga alter account ng mga pusit, may mga nakita akong retrato na may magkakasamang mga pusit. Nakalagay sa caption na get-together nila at may kaunting bonding at alak na kasama. Nakita kong masaya sila. Naisip ko, paano nila nagagawang magsaya gayong may mga sakit at may dapat silang intindihin na gamutan? Hindi ko mawari pero may mali. May hindi nagtutugma sa mga nababasa at naiisip ko. Sinubukan kong makipag-usap sa isa sa mga nasa retrato.

Isa si Kuya Enzo sa nasa larawan. Nang nag-reply na siya sa akin, di ako nag-atubili na magtanong ng lahat tungkol sa bumabagabag sa isip ko. "Paano kayo nagkakilala?" "Saan kayo kumukuha ng gamot?" "Ilang tableta ang iniinom mo sa isang araw, at ano ang side effects nito sa 'yo?" Tinawanan lang niya 'ko. "Libre ka ba sa darating na Sabado? Sumama ka kaya sa amin?" pag-aaya niya. Nagdadalawang-isip akong sumagot dahil, una, hindi ko siya kilala at unang pag-uusap pa lang namin iyon; pangalawa, wala akong pamasahe dahil inaaya niya akong magpunta sa Pangasinan. Kung sumama man ako, paano ako magpapaalam sa magulang ko?

Ilang araw kaming nagpapalitan ng mensahe ni Kuya Enzo sa Twitter. Sa mga araw na iyon ay nangungumusta siya, nagtatanong kung

nakapagpaalam na ba ako sa magulang ko dahil maaari niya raw akong samahan sa pagpapaalam kung kinakailangan. Konserbatibo ang mga tao sa bahay, lalo't bakla ako. Ano pa kaya kung magdala ako ng baklang mas matanda sa akin? Ano na lamang ang iisipin nila? Kaya ginawan ko ng paraan na ipaalam ang balak naming lakad.

**Mga Batang Pusit**

Biyernes ng gabi, nakapag-ayos na ako ng mga dadalhin kong gamit. Hindi na rin problema ang pamasahe dahil may sasakyan si Kuya Enzo at huwag na raw ako mamroblema sa pamasahe o pagkain dahil sagot na niya lahat. Sino ba naman ang tatanggi sa libre? Madaling-araw ng Sabado, bumiyahe ako papunta sa estasyon ng LRT-2 Betty Go Belmonte at doon niya ako sinundo. Mas makisig si Kuya sa personal kumpara sa retrato niya sa Twitter na may sticker na tinakpan ang mukha niya para itago ang totoong pagkakakilanlan niya. Magara ang damit na suot niya, maganda rin ang sasakyan na dala niya, at halatang may kaya sila sa buhay. Sa loob ng sasakyan, may isa pang tao na kasama niya, si MJ, isa ring pusit at naimbitahan lamang din. Tatlo kami sa sasakyan. Madaling-araw pa noon at walang laman ang mga sikmura namin. Habang nasa biyahe ay may mga tanong kami sa isa't isa, karamihan ay tungkol sa pagiging pusit. Ako ang pinakabata sa aming tatlo; labinsiyam lamang ako noon, si Kuya Enzo ay nasa forties, samantalang nasa late thirties si MJ.

Agad na kaming bumiyahe pa-north. Papunta kami sa farm ng pamilya nina Kuya sa bayan ng Aguilar sa Pangasinan. Humigit-kumulang apat na oras ang biyahe. Nag-stopover din kami sa isang fast-food restaurant sa SCTEX para mag-agahan. Habang nasa biyahe ay nagtanong si MJ sa akin: "Kumusta naman ang gamutan mo? Nakapag-adjust ka na ba sa mga side effect?" Hindi ako agad nakasagot dahil wala akong personal na karanasan sa pag-inom ng gamot. Ayaw kong magsinungaling. Ang totoo ay gusto ko ng tulong dahil mahirap ikubli na natatakot ako sa sakit na ito at wala akong makasama sa laban. "A, e hindi pa 'ko umiinom ng ARV." Pareho silang tumingin sa akin. Hindi ako nakakita ng pagkaawa sa mga titig nila bagkus ay pag-aalala. Tinanong nila kung kailan ko nalaman ang resulta at kung anong mga hakbang na ang ginawa ko. Akala yata nila'y takot ako sa side effects ng gamot, pero hindi ko magawang ibalik sa alaala ang klinikang iyon dahil sa ginawa ng life coach sa akin.

Nang sandaling iyon din, habang nasa biyahe ay may tinawagan sa

telepono si Kuya. Ibibigay niya ang detalye ko sa kilala niyang infectious disease (ID) doctor upang makapagsimula na sa gamutan. Sinabi niyang ipaalam ko sa kanya kung ano pa ang kakailanganin ko. Pinaramdam nila sa akin na tanggap nila ako at normal pa rin ako, na hindi sentensiya ng kamatayan ang pagkakaroon nito, at hindi pa huli ang lahat para ipagpatuloy ang buhay. Akala ko isa akong pusit na kayang manghuli ng kakainin niya nang mag-isa sa dagat—isa pala akong pusit na dapat ay may kasama.

**Unang lunok at iba pang shenanigans**

Isang linggo na ang nakalipas mula noong nagpunta kami nina Kuya Enzo sa farm nila. Sa isang linggo na iyon ay nagpunta na rin ako sa Anglo, isang hub ng LoveYourSelf sa Mandaluyong. Ito na ang araw. Mula sa ilang sermon ng ID doctor sa akin hanggang sa laboratory tests ay kasama ko si Kuya Enzo. Maging sa papeles na pinirmahan ko ay kasama ko siya. Sobra akong nagpapasalamat sa presensiya ng taong iyon noong panahong hindi ko alam kung saan ako huhugot ng suporta.

"Sa may birthday ng May 3?" hudyat iyon na makukuha ko na ang unang bote ko ng antiretroviral meds. Sobra ang pintig ng puso ko, nakabibingi. Mayroon din akong takot na nararamdaman sa oras na iyon. Isang kuwarto lamang ang layo ko sa pharmacy na pagkukunan ng gamot pero tila sandaang metro ang nilakad ko, ang bagal ng oras.

Nang makarating ako sa pagkukunan ng gamot, "Sir, bibigyan ko po kayo ng tatlong bote; pang-tatlong buwan na po ito. Siguraduhing inumin dalawang oras bago kumain o kaya naman ay apat na oras pagkatapos kumain. Iwasan din ang mamantikang pagkain dahil mas nakaka-trigger ito ng malalang side effects." Marami pang sinabi ang volunteer sa harap ko, sa sobrang dami ay hindi ko alam kung paano ko sila kakabisaduhing isama sa pang-araw-araw na gawain ko. Ang alam ko lang, 'wag isasabay ang gamot sa pagkain. Disinuwebe lang ako, pero wala e, nandito na.

Kinagabihan ng araw na iyon, handa na ako. Bago ko inumin ang unang tableta ko ay tumawag ako kay Kuya Enzo. Sinabi niya lang sa akin na isipin kong ako si Darna at ang gamot ay ang bato. Mungkahi pa niyang sumigaw ako ng "Darna!" à la Regine Velasquez para nasa character daw ako. Bago ko inumin ang tableta, may ilang segundong nagmuni-muni ako. Ito bang tableta na ito ang mahirap lunukin o ang katotohanang isa akong pusit? At sa oras na inumin ko ito ay mag-iiba na rin ang takbo ng

buhay ko. Hindi ko alam. Bahala na.

Ako, ang tubig, at ang tableta: ang tatlong pangunahing katotohanan sa eksaktong parehong oras.

Tatlumpung minuto makalipas ang pag-inom ko, wala naman akong nararamdamang side effect. Inaantabayanan ko dahil ito ang madalas na hinaing ng mga nakausap ko. Lumipas ang isang oras … nagsimula nang uminit ang pakiramdam ko. Nararamdaman kong mula sa dibdib ay umaakyat papunta sa sentido ko ang init. Ilang sandali pa, ang init ay naging liyab. Walang literal na apoy sa paligid ko o malapit sa akin pero para akong sinusunog nang buhay. Umiikot na ang paningin ko. Ito ba ang sinasabi nilang mapupunta sa impiyerno? Hindi ganito ang inaasahan ko. Ilang minuto pa ang lumipas, sobrang init pa rin ng pakiramdam ko. Mauubos ko na ang tubig sa pitsel pero ganoon pa rin ang pakiramdam. Bagama't ako ay tila nalalapnos dala ng tabletang natutunaw sa aking tiyan, ramdam ko ang init ng likidong dumadaloy mula sa mga mata ko.

Kinaumagahan matapos ang unang gabing groge ako sa gamot ay tumawag ako kay Kuya Enzo. Ikinuwento ko ang naranasan ko at ang naramdaman ko. Hot flashes daw ang tawag doon. Iminungkahi niyang kung walang aircon ang bahay, magbabad raw ako sa tubig kahit na tatlumpung minuto o kaya'y isabay ko na ang pagligo. Pinaalala niya rin sa akin ang mga habilin ng doktor tuwing iinom ng gamot. Mahaba pa ang lalakbayin ko; ang mahalaga ay nagawa ko na ang unang hakbang.

Hindi naging madali ang mga sumunod na mga araw para sa akin. Binibiro ko na lamang si Kuya Enzo na para bang may free trial ako sa impiyerno dahil nga bakla ako, at panigurado namang tatawanan niya ako. Pero hindi nakakatawa ang realidad. May mga pagkakataong pilit nang iniluluwa ng katawan ko ang gamot. Sa bawat pagsubok na lunukin ang gamot ay agarang magpoproseso sa utak ko na apoy ang kaakibat ng isang tableta at lapnos ang katumbas nito. Minsan ay hindi kinakaya ng tubig ang init. Wala akong alam kung paano gumagawa ng chemical reaction ang gamot at tubig sa katawan ko pero sigurado na sa bawat hagod ng tubig ay may kakambal itong init na gumuguhit sa kalamnan ko.

Kinalaunan ay hindi na lamang hot flashes ang nakikita kong side effect ng gamot. Nagkaroon na rin ng mga pagkakataong nakararanas ako ng vivid dreams o 'yong mga panaginip na tila ba totoong nangyayari. Madalas mabanggit ng nanay ko na napapansin niya raw akong may extra movements tuwing natutulog; kung minsan ay sumisinghap na,

at akala niya'y nalulunod ako. Hindi niya batid ang nangyayari sa mga panaginip na iyon. Pinaglalaruan ako ng tabletang iniinom ko bago matulog; kinakalikot nito ang kaibuturan ng aking isip. Ang mga bagay na aking kinatatakutan ay malimit na magpakita sa mga panaginip na iyon. Maging ang mga traumatic na pangyayari sa buhay ko ay tila ipinapanood sa akin sa mga panaginip na iyon. Hindi na lamang pisikal na manipestasyon ang inuusig ng gamot sa akin, kundi maging ang aking mentalidad na kalusugan.

Dumating din sa puntong kinailangan kong bumisita sa mga psychiatrist. Hindi na lamang ang virus sa dugo ko ang aking kalaban; maging ang aking pag-iisip ay dumagdag sa mga bagay na dapat kong pagtagumpayan. Hindi ako kaagad nagkaroon ng tiyak na diagnosis dahil wala akong pera para sa mga pormal na therapy at maintenance na gamutan para rito. Alam kong libo ang gagastusin sa bawat session kasama ang therapist, idagdag pa ang mahal na presyo ng mood stabilizers na hindi basta-basta nabibili sa mga botika sa kanto.

**The Pusit Chronicles**

Sa usapin ng gastos, alam na alam nina Kuya Enzo na ito ang palagi kong hinaing. Mungkahi nilang kumuha raw ako ng person with disability o PWD ID para makakuha ako ng discount sa mga bagay o pagkain na nais kong bilhin. Ang mga pusit ay nakahanay sa mga may psychosocial disorder kaya naman maaaring makakuha ng ID na iyon. Nakakatuwang malaman na may terminolohiya ang mga pusit para sa kanilang PWD ID. Tuwing lumalabas kami ng ibang pusit kong kaibigan ay madalas marinig ang, "O sis, ilabas na agad ang mga power card n'yo para hindi na kayo magkakalkal mamaya." Powerful nga raw kasi kami kapag hawak ang ID na ito dahil hindi na namin kailangang pumila dahil kahanay kami ng mga buntis at mga tanders sa express lane. Idagdag pa ang 20 percent discount at 12 percent VAT exemption, sino ang hindi makakaramdam ng kapangyarihan sa ganyan? Pero hindi madaling makakuha ng kapangyarihang ito. Kung tutuusin, pakonsuwelo na lamang ito sa stigma na nararanasan tuwing kukuha ng PWD ID sa munisipyo.

Sa pagkuha ng PWD ID, kinakailangang magpasa ng form na makukuha sa city hall at kopya ng medical abstract na nakalagay ang diagnosis. HIV-1 POSITIVE. 'Yan ang nakalagay sa medical abstract na kailangang ipasa. Walang kaso ang mahabang pila sa pagkuha ng ID pero ang matatalim na tingin ang hindi nakakatuwa. "Ano'ng sakit mo?" tanong

ng clerk sa munisipyo. Siyempre ay sasagot ako na ito ay psychosocial pero hindi nila ito alam kaya kailangan kong sabihin na pusit ako. Hindi ko man ito isigaw dahil tila pabulong ko na itong sinabi, lilinawin naman ito ng clerk at sisigaw ng, "A, royal blood ka?" at sa isang litanya na iyon ay may mga ulong sabay-sabay na pipihit palingon sa akin.

Binabakla na lamang naming mga pusit ang lansa ng mga isdang aming nakakasalubong. Bagama't may takot ako sa tuwing bumabalik ng hub para mag-refill ng gamot, nawawala naman ito kinalaunan dahil makikita ko ang ilan sa mga kaibigan kong pusit. Sa magkakaibang university pa kami galing. At kapag sinabing university ay hindi ito paaralang pangkolehiyo. Kapag tinanong ang isang pusit kung saan ang university niya, pangalan ng hub ang kanyang isasagot. Kung ang sagot ay sa Hogwarts, ibig sabihin ay sa Love YourSelf Anglo sa Mandaluyong 'yon dahil sa pagiging pinakasikat na hub nito.

Malaki ang naging ambag ng mga pagkakaibigang iyon. Mula sa nabuong pagsasamahan namin nina Kuya Enzo hanggang sa mga nakasama kong pusit mula sa iba't ibang university, bahagi sila ng unti-unti kong paghulagpos mula sa pagkalugmok.

## Patuloy na paglangoy

Ilang taon na ang nakalipas mula noong unang lunok ko ng unang tableta para sa medikasyon ko bilang pusit. Mahabang paglalakbay na ito, at sa haba ng binagtas ko ay maraming tao akong nakilala. Sa napakaraming beses kong pag-scroll sa Twitter ay marami rin akong nasaksihan. Kuwento ng maraming una ng iba pang pusit. May kuwento ng redemption. Mayroon ding tagumpay.

Sa karagatan ng buhay bilang pusit, natuto akong lumangoy. Sumabay sa agos. Sumabay sa iba pang pusit. Natutong sumama, makisama, at maging kaisa nila.

Nagkaroon ako ng lakas ng loob na sabihin ang status ko sa aking malalapit na kaibigan, at mahigpit na mga yakap ang isinalubong nila sa akin. Dumating na rin sa pagkakataong nasabi ko ito sa aking magulang, medyo hindi madali dahil konserbatibo ang aking angkan pero naintindihan din nila matapos ang madugong pagpapaliwanag. Doon ko naranasan ang init na hindi nakapapaso ng kalamnan, bagkus ay nagbibigay pa ng buhay sa akin upang lalong magpatuloy sa laban.

Dalawang taon matapos ang malaimpiyernong gamutan noon ay tumaas ang T-cell count ko. Bumalik ito sa normal at tuluyan na ngang

pinatulog ng gamot ang virus. Hindi na sila makapagpaparami pa. Undetectable ang tawag doon; nasa katawan ko pa rin ang virus pero dahil nga suppressed na sila ay hindi na ito maipapasa, untransmittable. Kung gagamitin ang siyentipikong terminolohiya, may tinatawag na U=U o undetectable equals untransmittable, nangangahulugan na ang mga pusit na nakakamit at napapanatili ang mababang viral load—o dami ng virus sa dugo—sa pamamagitan ng pag-inom ng antiretroviral meds araw-araw ayon sa inireseta ay hindi na maipapasa ang virus sa iba. Mahihinuha rito na ang gamutan sa HIV ay isang malakas na pana sa pagsugpo sa lumalaking bilang ng nagpopositibo kada taon.

Kabilang sa naging krusada ko ang maging isang volunteer rin ng LoveYourSelf. Mula sa mga naging karanasan ko bago ako magsimula sa tinahak kong landas, alam ko ang hirap at takot. At hindi ako papayag na maranasan pa iyon ng iba.

Naging Kuya Enzo ako sa iba pang batang pusit. Hindi ko man sila madala sa malayong farm o kaya'y mabigyan ng tulong pinansiyal, sasamahan ko sila sa paglalakad, at kung madapa ay sasamahan ko silang maglinis ng sugat.

Hindi ko makakalimutan ang mensahe ng isang kaibigan sa akin: Walang may buhay sa dagat na hindi kumikilos. Lalo't buhay ang tao, kailangan niyang ipusag ang katawan, ilakad ang mga paa, at paulit-ulit na humanap ng mga pampang na kakanlong sa kanya. Ang mga pusit na gaya ko ay magbibigkis araw-araw, at iuugoy sa pakikipagtalamitam ang mga panibagong buhay kaya't sa lawak ng karagatan, walang espasyo ang takot at duda. Mabubuhay kami at bubuhay ng ibang anyo ng buhay nang hindi namamalayan.